

Abraham at Isaac

(Genesis 22: 1-19)

Ang mag-asawang Abraham at Sara ay pinagkalooban ng Diyos ng isang anak na lalaki. Pinangalanan niya itong Isaac. Makalipas ang ilang panahon, muling sinubok ng Diyos si Abraham.



Inutusan ng Diyos si Abraham na isama ang kanyang pinakamamahal na kaisa-isang anak at magpunta sa bundok na ituturo sa kanya ng Diyos upang ihandog ang kanyang anak.

Kinabukasan, maagang bumangon si Abraham at nagsibak ng kahoy na gagamiting panggatong sa handog na susunugin. Inihanda niya ang asno at umalis kasama si Isaac at ang dalawang aliping lalaki papunta sa lugar na sinabi ng Diyos sa kanya. Nang matanaw na nila ang kanilang pupuntahan, binilinan ni Abraham ang kanyang mga alipin na manatili doon, bantayan ang asno at hintayin ang kanilang pagbabalik. Sina Abraham at Isaac lamang ang umakyat ng bundok upang sumamba sa Diyos.

Pasan ni Isaac ang kahoy panggatong habang dala naman ni Abraham ang apoy at patalim at sabay na lumalacad.

"Ama, mayroon na tayong apoy at panggatong, ngunit nasaan ang tupang ihahandog natin?" tanong ni Isaac.

"Ang Diyos ang magbibigay niyon." sagot naman ni Abraham

Nang marating na nila ang lugar na itinuro ng Diyos, gumawa ng altar si Abraham. Nilatag niya ang panggatong sa ibabaw at inihiga si Isaac matapos niya itong igapos. Sasaksakin na ni Abraham si Isaac nang tawagin siya ng anghel ng Diyos.

"Abraham, Abraham!" sabi ng anghel

"Narito po ako", sagot ni Abraham.

Sinabi ng anghel, "Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Natitiyak ko ngayong handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait sa Kanya ang kaisa-isa mong anak."

Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog sa halip na ang kanyang anak.

Nagsalita muli ang anghel ng Diyos mula sa langit, "Ako'y nangangako sa pamamagitan ng aking pangalan, sapagkat hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak, pagpapalain kita. Ang lahi mo'y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Sasakupin nila ang mga lunsod ng kanilang mga kaaway. Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat sinunod mo ang aking utos."

Binalikan ni Abraham ang kanyang mga alipin at sama-sama silang umuwi.

Napakahirap ng pagsubok na binigay ng Diyos kay Abraham. Si Isaac ang ipinangakong anak ng Diyos at tagapag-mana ni Abraham. Makikita natin dito na sinubok ng Diyos ang pagtitiwala at patuloy na pagsunod sa Kanya ni Abraham sa kabila ng maaaring mawala ang bagay na napakahalaga sa kanya (ang kanyang anak). Dapat nating tandaan na ang Diyos ay tapat sa Kanyang pangako, hindi Siya kahit kailanman nagbabago. Tularan natin si Abraham, bagamat mahirap ay dapat lang tayong magtiwala sa pangako ng Diyos at sumunod at patuloy na sumunod sa Kanya.

